



**Programang Proteksyon sa Bayad at
mga Pagbabayad sa Hindi Pagpunta (Absence Payments)**

Q1. Kailangan bang ibalik ng tagapagkaloob ang mga pagbabayad sa hindi pagpunta (absence payments) sa sentrong panrehiyon kung nakatanggap ang tagapagkaloob ng pagpopondo para sa pagbibigay kaluwagan sa COVID-19, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Programang Proteksyon sa Bayad (Paycheck Protection Program, PPP), Programa sa Emerhensyang Pagpapauna ng Pautang para sa Pinsalang Pang-ekonomiko (Economic Injury Disaster Loan Emergency Advance Program), o anumang iba pang katulad na mga programang pederal o pang-estado?

A1. Nakasalalay ito sa mga indibidwal na kalagayan ng tagapagkaloob. Ang pagbabayad pabalik o pag-offset ng mga claim na natanggap mula sa sentrong panrehiyon ay kailangan lang kung: (1) ipinagpaubaya na ang mga pondong natanggap mula sa PPP o iba pang mga programa, hal., hindi kailangang bayaran pabalik ang mga pinautang na pondo at (2) ang mga pondong natanggap mula sa PPP o iba pang mga programa ay para sa parehong gastusin na ni-reimburse ng sentrong panrehiyon.

Q2. Ano ang ilang halimbawa ng sitwasyon kung saan maaaring sinasaklaw ng absence payments ng sentrong panrehiyon at mga pondo mula sa PPP ang parehong gastusin?

A2. Kabilang sa ilang halimbawa ang mga gastusin tulad ng pagpapanatili ng pasahod sa mga empleyado at mga benepisyo, upa, at mga gastos sa utility (tubig, kuryente, atbp.) na hindi tumaas bilang resulta ng State of Emergency.

Q3. Paano kung hindi “pinatawad” ang isang pautang mula sa PPP (hal., kailangang bayaran pabalik ang mga inutang na pondo); kailangan bang magbayad pabalik ng tagapagkaloob o i-adjust ang anumang mga claim na ginawa sa sentrong panrehiyon?

A3. Hindi. Kailangan lang isaayos ang mga claim sa sentrong panrehiyon kung ang mga pondong natanggap mula sa ibang mga mapagkukunang pederal o estado ay pinatawad at hindi kailangang bayaran pabalik.

Q4. Paano kung nakaranas ang tagapagkaloob ng kabawasan sa payroll habang nagke-claim ng mga absence payment?

A4. Simula sa mga claim na isinumite para sa Abril 2020, ang pagpapatuloy ng payroll ng empleyado ay kinailangan sa panahon na kini- claim ang mga hindi pagpunta (absence). Kung may naganap na pagbabawas sa payroll dahil sa pagtanggali ng mga empleyado o mga pagbabawas ng oras/araw ng pagtatrabaho ng empleyado (furlough) para sa mga tagapagkaloob ng direktang serbisyo, dapat bawasan ang pag-claim sa parehong antas ng pagbabawas sa payroll. Tingnan ang direktiba ng Kagawaran noong [Mayo 7, 2020](#).

Q5. Kung isinauli ang nagastos sa tagapagkaloob para sa mga hindi pagpunta ng mamimili (consumer absence) sa panahon ng State of Emergency, may anumang mga kinakailangan ba para suportahan ang mga claim na ito?

A5. Oo, tulad ng lahat ng pag-claim, dapat magpanatili ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ng dokumentasyon, na sasailalim sa pagsusuri at pag-awdit, upang suportahan ang mga pag-claim sa panahon ng State of Emergency. Tingnan ang direktiba ng Kagawaran noong [Mayo 7, 2020](#) para sa higit na impormasyon.

Q6. Maaari bang patuloy na maningil ang tagapagkaloob para sa mga hindi pagpunta ng mamimili (consumer absence)?

A6. Hindi, ang paniningil para sa mga consumer absence bilang resulta ng State of Emergency dulot ng COVID-19 ay nagtapos noong Agosto 31, 2020, alinsunod sa mga direktiba ng Kagawaran noong [Hulyo 17, 2020](#) at [Agosto 31, 2020](#).

